# LIMANG ESTASYON NG BILANGGUAN

Carlo Rey Miguel M. Enrile

# LIMANG ESTASYON NG BILANGGUAN

*Pambungad na Panalangin*

Kapatid naming kabataan,
Ginawa ninyo ang paglalakbay na ito para sa bayan;
at napakaraming beses kayong binugbog at hinatawan ng mga kawal;
at, dahil sa inyo, taos-puso kaming tumitingala sa katapangan.
Gabayan ninyo kami, aming mga kapatid, at pahintulutan ninyo akong samahan kayo sa paglalakbay na ito.
Ang mamatay para sa pag-ibig sa bayan;
Gusto naming magserbisyo at mag-alay para sa pag-ibig namin sa bayan.
Kapatid namin, mabubuhay at mamamatay kaming laging kaisa ninyo.

*Unang Estasyon: Ang Kapatid naming si Lilli*

Si Lilli ay isang batang babae na nasa harap niya ang buong kinabukasan. Siya ay may talento, matalino, at palakaibigan. Siya ay nakatakdang makapagtapos ng kolehiyo sa digring Communication Arts sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila.

*Ikalawang Estasyon: Ang Paghuli kay Lilli*

Nang kinagabihan ng taong 1973, dumating ang mga kawal ni Apo Lakay upang hulihin ang kaniyang mahal na kapatid. Ngunit nang maghanap ng katibayan ng paghuli, si Lilli ang ginulpi ng mga kawal at hinuli.

*Ikatlong Estasyon: Ang Pagpapahirap kay Lilli*

Siya'y may mga paso ng sigarilyo sa kanyang labi, mga pasa sa kanyang katawan, mga marka ng injection sa kanyang mga braso. Sinabi ng kanyang kapatid na babae na ang mga internal

na laman ni Lilli ay inalis upang takpan ang mga palatandaan ng pagpapahirap at posibleng sekswal na pang-aabuso.

*Ikaapat ng Estasyon: Ang Pagkamatay ni Lilli*

Sa pagpapahirap ng mga kawal, uminom ng nakalalasong asido si Lilli upang tapusin ang kaniyang buhay. Ngunit hindi pa rin nito kayang matakpan ang pagpapahirap sa kaniya ng mga kawal. Sa pagbisita ng kaniyang kapatid, wala na si Lilli.

*Ikalimang Estasyon: Ang Pagyanig ng Lupa*

Ang pagkamatay ni Lilli ay isang marka para sa masa at sa kasaysayan ng paglaban sa naghahariharian at pinagsasamantalahan ang bayan tungo sa kahirapan. Magsisilbing palatandaan na patuloy na lumaban sa bulok na sistemang patuloy na umiiral sa ating lipunan. Hayaang maramdaman ang pagyanig ng lupa sa patuloy na pagmartsa ng kabataan, ng masa.

# 1/6

"Dan, Hayme, 'lika nga kayo rito. Laro tayo!" Parehas kami ni Hayme na niyaya ng bantay na makipaglaro. Noong una, 'di ko pinansin. Ayoko. Pagod na ako makipaglaro sa kanila. Gusto ko na ring makauwi. Anong petsa na. Gusto na rin ni Hayme sumama sa akin kaso gusto talaga ng bantay na maglaro kami.

Naunang makarating si Hayme rito sa room namin kaysa sa'kin. Siya una kong nakilala. Marami-rami na rin silang nakapasok pero siya agad bumungad sa'kin. Kaya rin nasa bungad siya nakapuwesto, naniniwala siyang mas malaki ang tsansang siya ang unang pauuwiin. Kaso sa tuwing dumarating ang guard, malabong pauuwiin kami agad. Hindi lang kami ni Hayme ang tao rito pero parang kami lang nakikita ng bantay. Kami lagi ang bunot.

"Truth or Dare? Pili kayo. Bilis!" Ano na naman ba 'tong laro na 'to? Kahit ano namang gawin namin, kayo pa rin naman ang panalo. Kailan ba 'to matatapos? "May magagawa ba kami? Kayo rin naman pipili" sagot ni Hayme sa mayabang na bantay. "Sabi niyo, eh. Sige, truth at dare ang pipiliin ko para sa'yo. Takpan niyo na mga mata nila!" Utos niya sa kaniyang kasamahan. Naglabas pa ng roleta kung saan nakasulat ang mga gagawin sa amin habang 'di namin nakikita o nababasa ang mga nakalagay at pinaikot ito. Nang huminto ang pag-ikot, "Bullseye!" sigaw ni tanda.

'Di namin alam kung ano na naman ang ipagagawa sa amin nito. Tumatawa na lang sila. Parang mga tanga. Nagmumukha kaming tanga. "Patay kayo sa'min ngayon!". Napapaisip na ako. Pinaghiwalay kami ni Hayme dahil gusto raw nila ay magkaiba kami ng gagawin. Para sa kanila raw kasi, "special treatment" ang gagawin nila sa akin. Sanay na rin daw si Hayme rito pero halata sa kaniya ang takot sa tuwing nangyayari 'to. Tawa nang tawa ang isang bantay kay Hayme. Dare ang napunta kay Hayme. Habang mayroong takip ang mga mata niya, kailangan niya raw pumirma sa papel nang hindi ito nakikita't nalalaman kung ano ang nilalaman ng papel kahit tanggalin na sa kaniya ang blindfold. Ekspert na raw siya sa dare na 'to sabi ng isang kasamahan ng bantay.

Isang pista ng tawanan, biglang natapos at nawala. 'Di ko alam kung pinauwi na si Hayme pagkatapos ng pinagawa sa

kaniya. ‘Di ko na siya nakita. “Dan! ‘Lika na rito. Ikaw na sunod!” sigaw ng gagong bantay. ‘Di nila ako inalalayan sa paglapit sa bantay. Halos mabunggo ko ang mga gamit sa daan dahil wala akong makita. “Pumili ka ng numero: 1-6” Kinabahan na ako. Laging ito ang pinagagawa nila sa’kin. Ilang beses na akong umangal pero lalo lang nilang ginagawa. ‘Di ako sumagot. Nanginginig ang katawan sa takot habang lumalakas ang pagtulo ng pawis. “Tahimik, pre! Ako na pipili. Sige, 1!” sigaw ng kasama ng bantay. May tinutok sa ulo ko. *Click* “Komunista ka ba?”

# 5252

Tanghaling tapat. Nasa loob kami ng klasrum. Sobrang init! Tulo pawis ko! Ang sikip kasi rito. Ang klasrum namin, ang liit lang. Abaka ang dingding tapos kawayan lang pundasyon. Kung gaano kalakas boses ng titser namin, gano'n din naman sa titser sa kabilang klasrum. Wala rin kaming elektrikpan. Hangin lang sa labas ang bentilador namin at sinag ng araw ang ilaw ng klasrum.

Si Sarah, siya una kong nakilala sa klase. Sabi niya mabait daw siya katulad ng nanay niya tapos matapang katulad ng tatay niya. Naging magkatabi rin kami sa klase kasi parehas na sa letrang D nagsisimula apelyido namin. Delos Santos apelyido ko. Hindi kami ganoon kayaman, pero alam kong swerte ako sa pamilya ko. Parehas na masipag magtrabaho ang mga magulang ko. Si Nanay ko, nasa abroad tapos si Tatay ko naman, nagtitinda sa sari-sari store. Sila ang kayamanan ko!

Kwento sa akin ni Sarah, palagi niya raw kasama ay ang tatay niya. Kahit sa pagtatrabaho ng tatay niya, buntot lagi siya. Gusto niya rin daw maging katulad ng tatay niya eh. Matapang, tapat sa salita, at kaya niya raw tawirin ang dagat gamit jetski nila. Siya rin daw ang kinikilala bilang "Tatay" sa lugar nila, pati ang mga naniniwala sa kaniya. "WOW!" napasigaw ako sa mga sinabi niya. Sana makita ko tatay ni Sarah balang araw. Sana may tatay rin ako na kaya ang mga 'yon! Teka! Bakit dito nag-aaral si Sarah kung may jetski sila?

Uwian na! Yehey! Makikita ko na tatay ni Sarah! Dumaan ang isang makintab na itim na kotse. May maliliit na flag ng bansa sa may harapan ng kotse. Hindi naman siya lumabas ng kotse. Hindi ko tuloy siya nakita. Wala raw siya.

Sumunod na araw, wala si Sara pero dumating ang mga tuta nila. May dalang mga armas at bomba. Nagkaroon ng sigawan sa paaralan. Ito na nga lang ang skul na para sa baryo natin at malayo na ang sa bayan at mahal na ang bayad. Mahirap na nga kami, tatanggalan niyo pa kami ng karapatan! Akala ko kaibigan tayo, Sara! Ayoko na sa'yo! At mas lalo, ayoko sa tatay mo!

# 197

Halos dalawang taon na ang nakalipas mula no'ng huli akong makagamit ng armas. Ito rin ang huling pagpunta sa kampo. Unti-unti ring nauubos ang kasamahan ko. Mula pa man noon, mainit na kami sa mga kalaban. Lagi kaming hinahanap, hinuhuli, at pinatatahimik.

Kung maalala, huling araw ko ay nasa kampo ako. Ito ang lungga kung saan laging ginagamit ang armas. Bawat pagpasok rito, may palatandaan kung nagsisimula na ba ako sa trabaho. Bawat paghila sa gatilyo, solo ko ang espasyo pero abot masa ang pahayag nito.

Dinig ng masa ang mensahe ko gamit ang armas ko. Pagtulong ko na rin ito sa kanila dahil ito ang tungkulin ko. Bawat pihit sa armas, pula ang nakikita ko. Ito ang laging nakikita ko. Hindi dahas, kundi armas ng masa – boses. Ngayon sila'y napuno na ng bala ng kritisismo, binalik naman nila ngayon ang bala sa katawan ko. Huling hantungan ko ang lungga ko. Pang-ilan na ba ako?

Ngunit, hindi dito matatapos ang paglaban ng masa gamit ang boses. Isa itong ehemplo kung paano ito lalong palalakasin, patitibayin. Unti-unting pinapatay pero babalik at babalik sa kanila ang mga buháy. Ngayon patay na ang mikropono ko, mas marami naman ang susunod na magpapailaw ng mga ito upang maipagpatuloy ang katapangan at katotohanan ng serbisyong sa likod ng mikropono.

## POETIKA

Pinaparamdam sa akin ng pagsusulat ang malayang paglakbay sa ating lipunan. Pinalalaya ako nito sa paglalakbay at paglubog sa karanasan ng mga tao sa lipunan. Iniisip ko na kausap ko ang aking sarili kaya mas nagiging totoo ako sa pagsusulat.

Ang mga akdang nilikha ay naglalayong makapagbigay ng kamalayan at diwa sa masa tungkol sa patuloy na karahasan ng pamahalaan gamit ang military. Mula sa panahon ng Martial Law ng rehimeng Marcos Sr. hanggang sa extra-judicial killings ng rehimeng Duterte. Mula sa interes ng pagsulat, ginamit ng may-akda ang personang bata.

Ang akdang "Limang Estasyon ng Bilangguan" ay pumapaksa kay Lilli o Liliosa Hilao. Isang kabataan at mag-aaral na hinuli't inabuso ng mga militar. Gumamit ng eksperimentasyon sa paglahad ng kwento gamit ang station of the cross. Ang akdang "1/6" naman ay tumatalakay sa pagkabilanggo ni Danilo Vizmanos at ang paggamit sa kaniya ng torture method na russian roullete. Ang akdang "5252" ay tumatalakay sa isang batang mag-aaral sa kanayunan na may isang kaklaseng anak ng nagpapahirap sa kanila. At ang panghuling akdang nilikha ay ang "197." Ito ay pumapatungkol sa paggamit ng boses bilang armas. Tungkol ito sa bilang ng mga nasawing broadcaster sa bansa mula sa panahon ng Martial Law hanggang sa pagpatay kay Percy Lapid noong Oktubre 3, 2022.